



**UTOS Blg. c19-5e (NIREBISA) NG OPISYAL NG KALUSUGAN  
NG COUNTY NG SAN MATEO NA NAGDIDIREKTA SA  
TODAPAT PATULOY NA MANATILI SA KANILANG TIRAHAN ANG LAHAT NG  
INDIBIDWAL SA COUNTY MALIBAN PARA SA MGA NATUKOY NA  
PANGANGAILANGAN AT AKTIBIDAD ALINSUNOD SA MGA ISINAAD NA  
KINAKAILANGAN; NAKABUKOD PA RIN ANG MGA INDIBIDWAL NA WALANG  
MATIRHAN MULA SA UTOS NGUNIT HINIHIKAYAT ANG MGA AHENSIYA NG  
PAMAHALAAN NA BIGYAN SILA NG MASISILUNGAN; INAATASAN ANG LAHAT  
NG NEGOSYO AT PASILIDAD NA PANLIBANGAN NA PINAPAYAGANG  
TUMAKBO NA MAGPATUPAD NG MGA PROTOKOL SA SOCIAL DISTANCING,  
PAGSUSUOT NG TAKIP SA MUKHA, AT PAGLILINIS; AT INUUTUSAN ANG  
LAHAT NG NEGOSYO, TAGAPAGPATAKBO NG PASILIDAD, AT AHENSIYA NG  
PAMAHALAAN NA PATULOY NA PANSAMANTALANG ISARA ANG LAHAT NG  
IBA PANG OPERASYON NA HINDI PINAPAYAGAN SA ILALIM NG UTOS NA ITO**

**PETSA NG UTOS: MAYO 28, 2020**

**Mangyaring basahin ang Kautusang ito nang mabuti. Ang paglabag ng o hindi pagsunod sa Kautusang ito ay isang munting krimen at mapaparusahan ng multa, pagkakakulong, o pareho. (Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.*; Cal. Penal Code §§ 69, 148(a)(1))**

SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG MGA SEKSYON SA KODIGONG PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN NG CALIFORNIA 101040, 101085, AT 120175, INUUTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO (“OPISYAL NG KALUSUGAN”):

1. Pinapalitan ng Utos na ito ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan noong Mayo 15, 2020 na nag-aatas sa lahat ng indibidwal na manatili sa bahay (“Dating Utos”). Nililinaw, pinagtitibay, at ipinagpapatuloy ng Utos na ito ang ilang partikular na kundisyon ng Dating Utos para matiyak na patuloy ang social distancing at malimitahan ang personal na pakikisalamuha nang sa gayon ay mapababa ang rate ng transmisyon ng Sakit na Novel Coronavirus 2019 (“COVID-19”). Patuloy na pinaghihigpitan ng Utos na ito ang karamihan ng aktibidad, paglalakbay, at gawain ng pamahalaan at negosyo sa mga pangunahing kinakailangan, Outdoor na Aktibidad, Mga Karagdagang Aktibidad, Mga Outdoor na Negosyo, at Mga Karagdagang Negosyo na pinapayagan ng Dating Utos na magpatuloy. Pero kasunod ng pag-usad sa pagpapabagal sa pagkalat ng COVID-19 sa County ng San Mateo (“County”) at mga kalapit na county, at sa gabay na ibinigay ng Estado ng California, pinapayagan ng Utos na ito ang limitadong bilang ng Mga Karagdagang Negosyo at Karagdagang Aktibidad (gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15 sa ibaba at inilalarawan sa Appendix C-1 at C-2) na simulang muli ang kanilang operasyon, sa ilalim ng mga natukoy na kondisyon at pag-iingat para mabawasan ang panganib ng transmisyon ng



COVID-19. Bukod pa rito, inalis ang limitasyon sa access sa beach at ang kinakailangan sa oras ng mga hindi pabago-bagong grupo para sa mga establisyamento para sa pag-aalaga ng bata, summer camp, at iba pang pangkaalaman o panlibangang institusyon o programa na nagbibigay ng pangangalaga o pagsubaybay para sa lahat ng bata sa tatlong magkakasunod na linggo mula sa apat na magkakasunod na linggo. Ang unti-unti at sinukat na pagpapatuloy na ito ng mga aktibidad ay idinisenyo para mapamahalaan ang dami, tagal, at tindi ng pisikal na pakikipag-ugnayan para mapigilan ang biglang pagdami ng mga kaso ng COVID-19 sa County at sa mga kalapit na county. Gaya ng higit na ipinapaliwanag sa Seksyon 11 sa ibaba, patuloy na susubaybayan ng Opisyal ng Kalusugan ang mga panganib ng aktibidad at negosyong pinapayagan sa ilalim ng Utos na ito batay sa Mga Indicator ng COVID-19 (gaya ng inilalarawan sa Seksyon 11) at iba pang data, at maaaring, kung sinusupportahan ng mga kondisyon, unti-unting idagdag sa listahan ng Mga Karagdagang Negosyo at Karagdagang Aktibidad. Tuloy-tuloy na tatasahin ang mga aktibidad na pinapayagan sa Utos na ito at ang mga aktibidad na ito at iba pang pinapayagan ng Utos ay maaaring kailanganing baguhin (kasama ang, nang hindi limitado sa, pansamantalang paghihigpit o pagbabawal) kung lalaki ang panganib na nauugnay sa COVID-19 sa hinaharap. Simula sa petsa at oras ng pagkakaroon ng bisa ng Utos na ito na itinakda sa Seksyon 18 sa ibaba, kailangan ng lahat ng indibidwal, negosyo, at ahensiya ng pamahalaan sa County na sumunod sa mga probisyon ng Utos na ito.

2. Ang pangunahing layunin ng Utos na ito ay tiyaking patuloy na mananatili sa kanilang tirahan ang mga residente ng County para mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 at mabawasan ang epekto sa paghahatid ng mga kritikal na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Pinapayagan ng Utos na ito ang ilang limitadong Karagdagang Negosyo at Karagdagang Aktibidad na magpatuloy habang patuloy na tinatasa ng Opisyal ng Kalusugan ang transmisyon at klinikal na kalubhaan ng COVID-19 at sinusubaybayan ang Mga Indicator ng COVID-19 na inilalarawan sa Seksyon 11. Ang lahat ng probisyon sa Utos na ito ay dapat ipakahulugan sa paraang magpapatupad sa layuning ito. Ang hindi pagsunod sa alinman sa mga probisyon ng Utos na ito ay bumubuo ng napipintong panganib at banta sa kalusugan ng publiko, nagdudulot ng kaguluhan sa publiko, at maaaring maparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta, pagkakakulong, o pareho.
3. Ipinag-uutos sa lahat ng indibidwal na nakatira sa loob ng County na manatili sa kanilang lugar na tinitirhan. Maaari lang silang umalis sa kanilang tirahan para sa Mga Pangunahing Gawain gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.a at Mga Outdoor na Aktibidad gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.m, at Mga Karagdagang Aktibidad gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.o; Mga Pangunahing Gawaing Pampamahalaan gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.d, Pangunahing Paglalakbay gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.i, para magtrabaho sa Mga Pangunahing Negosyo gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.f, at Mga Outdoor na Negosyo gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.n, o para isagawa ang Mga Minimum na Pangunahing Operasyon para sa iba pang negosyo na dapat manatiling pansamantalang nakasara, gaya ng nakasaad sa Seksyon 15.g. Bilang paglilinanaw, dapat sumunod ang mga indibidwal na hindi kasalukuyang nakatira sa County sa lahat ng naaangkop na kinakailangan ng Utos kapag sila ay nasa County. Ang mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan ay hindi kasali sa Seksyong ito, ngunit mahigpit na hinihimok na magkaroon ng masisilungan, at ang pamahalaan at ibang entidad ay mahigpit na hinihimok, hangga't maaari, na gawing magagamit ang nasabing silungan at maglaan ng mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay o pagdidisimpekta ng kamay sa mga tao na patuloy na nakararanas ng kawalan ng tahanan.



4. Kung kailangan ng mga tao na umalis sa kanilang tirahan para sa mga limitadong layunin na pinapayagan sa Utos na ito, dapat silang mahigpit na sumunod sa Kinakailangan sa Social Distancing gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.k, maliban kung hayagang nakasaad sa Utos na ito, at magsuot ng Mga Takip sa Mukha gaya ng nakasaad sa, sa ilalim ng mga limitadong pagbubukod sa, Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-8(b) na inilabas noong Mayo 19, 2020 (“Utos na Magsuot ng Takip sa Mukha”).
5. Ang lahat ng negosyo na may pasilidad sa loob ng County, maliban sa Mga Pangunahing Negosyo at Outdoor na Negosyo, at Karagdagang Negosyo, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15, ay inaatasang ihinto ang lahat ng kanilang gawain sa mga pasilidad na nasa County maliban sa Mga Minimum na Pangunahing Operasyon, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15. Bilang paglilinaw, ang lahat ng negosyo ay maaaring magpatuloy sa mga operasyon na eksklusibong binubuo ng mga may-ari, tauhan, boluntaryo, o kontraktor na nagsasagawa ng mga aktibidad sa kani-kanilang tirahan (ibig sabihin, sa bahay nagtatrabaho). Lahat ng Pangunahing Negosyo ay mahigpit na hinihikayat na manatiling bukas. Pero inaatasan ang lahat ng negosyong i-maximize ang bilang ng mga tauhang nagtatrabaho sa bahay. Ang mga tauhan lang na hindi makakapagtrabaho sa kanilang bahay ang maaaring italaga ng Mga Pangunahing Negosyo, Outdoor na Negosyo, at Karagdagang Negosyo na magtrabaho sa labas ng bahay. Dapat isagawa ng Mga Outdoor na Negosyo ang lahat ng negosyo at transaksyong nauugnay sa mga miyembro ng publiko outdoors.
6. Bilang kundisyon ng pagpapatakbo sa ilalim ng Utos na ito, ang mga tagapagpatakbo ng lahat ng negosyo ay dapat maghanda o mag-update, magpaskil, magpatupad, at magpamahagi sa kanilang mga tauhan ng Protokol sa Social Distancing para sa bawat isa sa kanilang mga pasilidad sa County na madalas puntahan ng mga tauhan o miyembro ng publiko, gaya ng nakasaad sa Seksyon 15.h. Bukod sa Protokol sa Social Distancing, dapat sumunod ang lahat ng negosyong pinapayagang tumakbo sa ilalim ng Utos na ito sa anumang gabay na partikular sa industriya na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan at Estado ng California kaugnay ng COVID-19 at anumang kondisyon sa operasyong natukoy sa Utos na ito, kasama iyong natukoy sa Appendix C-1. Maliban kung iba ang nakasaad sa Appendix C-1, ang mga negosyong may component na Pangunahing Negosyo o Outdoor na Negosyo sa kanilang mga pasilidad, bukod sa iba pang component, ay dapat, hangga't maaari, magbawas ng operasyon at tiyaking ang component na Pangunahing Negosyo at Outdoor na Negosyo lang ang kanilang papanatilihin; gayunpaman, maaaring patuloy na mag-stock at magbenta ng mga hindi pangunahing produkto ang mga mixed retail na negosyong pinapayagang tumakbo sa ilalim ng Utos na ito.
7. Lahat ng pampubliko at pampribadong pagtitipon sa anumang dami ng tao na ginaganap sa labas ng isang sambahayan o yunit na tinitirhan ay ipinagbabawal, maliban sa mga limitadong layunin na malinaw na pinahihintulutan sa Utos na ito at ang Utos na Pagtitipon na Nakabatay sa Sasakyan na inilabas noong Mayo 11, 2020 na Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-9 (ang "Utos sa Pagtitipon na Nakabatay sa Sasakyan"). Wala sa Utos na ito ang nagbabawal sa mga miyembro ng iisang sambahayan o yunit ng tirahan na makibahagi sa Pangunahing Paglalakbay, Mga Pangunahing Aktibidad, Outdoor na Aktibidad, o Karagdagang Aktibidad nang magkakasama.
8. Ang lahat ng paglalakbay, kabilang, ngunit hindi limitado sa, paglalakbay sa pamamagitan ng paglalakad, pagbibisikleta, scooter, motorsiklo, sasakyan, o pampublikong transportasyon, maliban sa



Pangunahing Paglalakbay, gaya ng isinaad sa ibaba sa Seksyon 15.i, ay ipinagbabawal. Maaari lang gumamit ang mga tao ng pampublikong sasakyan para sa mga layunin ng pagsasagawa ng Mga Pangunahing Gawain at Outdoor na Aktibidad, o Karagdagang Aktibidad, o paglalakbay papunta at galing sa trabaho para sa Mga Pangunahing Negosyo, Outdoor na Negosyo, o Karagdagang Negosyo, pagpapanatili sa Mga Pangunahing Gawaing Pampamahalaan, o pagsasagawa sa Mga Minimum na Pangunahing Operasyon sa mga negosyong hindi pinapayagang magpatuloy ng operasyon. Hangga't maaari, ang mga ahensiya ng transportasyon at ang mga taong sumasakay sa pampublikong transportasyon ay dapat sumunod sa Mga Kinakailangan sa Social Distancing, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 15.k, at dapat magsuot ang mga tauhan at pasahero ng Mga Takip sa Mukha gaya ng iniaatas ng Utos na Magsuot ng Takip sa Mukha. Pinapayagan lang ng Utos na ito ang pagbiyahe papasok o palabas ng County para sa pagsasagawa ng Mahahalagang Gawain, Outdoor na Aktibidad, pakikibahagi sa Mga Pagtitipon Habang Nasa Sasakyan, o Mga Karagdagang Aktibidad; para sa pagpapatakbo, pagsasagawa ng trabaho, o pag-access ng negosyong pinapayagang tumakbo sa ilalim ng Utos na ito; para sa pagsasagawa ng Mga Minimum na Pangunahing Operasyon sa ibang negosyo; o para mapanatili ang Mahahalagang Pagganap ng Gobyerno.

9. Inilabas ang Utos na ito batay sa ebidensiya ng patuloy na pagdami ng transmisyong sa komunidad ng COVID-19 sa loob ng County at sa buong Bay Area; patuloy na kawalan ng kasiguraduhan kaugnay ng degree ng hindi pa natutukoy na asymptomatic na transmisyong; siyentipikong ebidensiya at pinakamahuhusay na kagawian kaugnay ng mga pinakapektibong paraan para mapabagal ang transmisyong ng mga nakahahawang sakit sa pangkalahatan at partikular sa COVID-19; ebidensiyang dahil sa edad, kundisyon, at kalusugan ng malaking bahagi ng populasyon ng County, nailalagay ito sa panganib ng mga malalang komplikasyon sa kalusugan, kasama ang pagkamatay mula sa COVID-19; at higit pang ebidensiyang nasa panganib din ng mga malalang kahihinatnan ang iba pang tao, kasama ang mga mas bata o kaya malulusog na tao. Dahil sa pagkalat ng sakit na COVID-19 sa pangkalahatang publiko, na ngayon ay isa ng pandemya ayon sa World Health Organization, mayroong emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa buong County. Ang nagpapalala pa sa problema, ang ilan sa mga indibidwal na nahawaan ng virus na nagdudulot ng sakit na COVID-19 ay walang mga sintomas o mayroong banayad na mga sintomas, na nangangahulugang maaaring hindi nila alam na nagtataglay sila ng virus at naililipat na nila ito sa ibang mga tao. Bukod pa rito, ipinapakita ng ebidensiya na maaaring mabuhay ang virus nang ilang oras o araw sa mga surface at maaaring hindi ito direktang maipasa sa pagitan ng mga indibidwal. Dahil magagawa ng kahit ng mga taong walang sintomas na ipasa ang impeksyon, at dahil ipinapakita ng ebidensiya na madaling kumalat ang impeksyon, maaaring magresulta ang mga pagtitipon at ang iba pang direkta o hindi direktang personal na interaksyon sa naiiwasang transmisyong ng virus.
10. Sa pamamagitan ng sama-samang pagsisikap hanggang sa kasalukuyan kaugnay ng emerhensiyang ito sa pampublikong kalusugan, napabagal ang trajectory ng virus, ngunit patuloy na nananatiling malaki ang emerhensiya at ang banta sa pampublikong kalusugan. Noong Mayo 28, 2020, may 2022 kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa County (tumaas mula sa 44 noong Marso 15, 2020, bago ang unang utos na manatili sa bahay) at hindi bababa sa 11,968 kumpirmadong kaso (tumaas mula sa 2,092 kumpirmadong kaso noong Marso 15, 2020) at hindi bababa sa 406 na pagkamatay (tumaas mula sa 51 pagkamatay noong Marso 15, 2020) sa pitong hurisdiksyon ng Bay Area na magkasamang naglabas sa Utos na ito noong Marso 16, 2020. Patuloy na lumalaki ang pinagsama-samang bilang ng mga



kumpirmadong kaso, kahit bumagal na ang pagtaas ng bilang ng mga kaso sa mga linggo bago ang Utos na ito. Batay sa ebidensiya, napapabagal ng mga paghihigpit sa paggalaw at ng Mga Kinakailangan sa Social Distancing na ipinataw ng Dating Utos (at ng mga naunang utos) ang pagtaas ng bilang ng transmisyon sa komunidad at ang mga kumpirmadong kaso sa pamamagitan ng paglilimita sa mga interaksyon ng mga tao, na naaayon sa siyentipikong ebidensiya ng pagiging epektibo ng mga katulad na pag-iingat sa iba pang bahagi ng bansa at ng mundo.

11. Ang Opisyal ng Kalusugan ay may ilang sinusubaybayang mahahalagang indicator (“Mga Indicator ng COVID-19”), na ilan sa maraming salik na nakakaimpluwensya sa kanilang mga pasya kaugnay ng kung dapat bang baguhin ang mga ipinapatupad na paghihigpit para sa pananatili sa bahay. Ang pag-usad sa ilan sa Mga Indicator ng COVID-19 na ito—partikular na nauugnay sa paggamit ng ospital at kapasidad, ay ang mga nagpapaangkop, sa panahong ito, para payagan ang pinalawak na access sa beach, pagpapaikli sa mga pag-aatas sa oras para sa mga hindi nagbabagong grupo sa mga establisyamento para sa pag-aalaga ng bata, summer camp, at iba pang pangkaalaman o panlibangang institusyon o programa, na nagbibigay ng pangangalaga o pagsubaybay sa mga bata, anuman ang kanilang edad, ilang partikular na Karagdagang Negosyo na magpatuloy sa operasyon at magsagawa ng Mga Karagdagang Aktibidad sa ilalim ng mga natukoy na kondisyon, gaya ng nakasaad sa Appendix C-1 at C-2. Ngunit dahil sa patuloy na pagkalat ng virus na nagdudulot ng COVID-19, patuloy na paghihigpitan ang karamihan ng mga aktibidad at gawain ng negosyo, at ang mga nasabing aktibidad na papahintulutang gawin ay dapat isagawa alinsunod sa social distancing at iba pang kagawian sa pagkontrol ng impeksyon na natukoy ng Opisyal ng Kalusugan. Magiging mahalaga ang pagtasa sa Mga Indicator ng COVID-19 sa mga pagpapasya ng Opisyal ng Kalusugan kaugnay ng kung posible bang baguhin pa ang mga paghihigpit na ipinapatupad ng Utos na ito para luwagan o higpitan ang mga paghihigpit na ipinapatupad ng Utos na ito at dagdagan, limitahan, o ipagbawal ang Mga Karagdagang Negosyo at Mga Karagdagang Aktibidad na pinapayagang magpatuloy. Patuloy na susuriin ng Opisyal na Kalusugan kung makatuwiran ang mga pagbabago sa Utos batay sa (1) pag-usad sa Mga Indicator ng COVID-19; (2) mga development sa mga epidemiological at diyagnostikong paraan ng pag-trace, pag-diagnose, paggamot, o pagsusuri para sa COVID-19; at (3) siyentipikong pag-unawa sa mga dynamic ng transmisyon at sa klinikal na epekto ng COVID-19. Ang Mga Indicator ng COVID-19 ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:
  - a. Ang kapasidad ng mga ospital at sistema ng kalusugan sa County at rehiyon, kasama ang mga kama para sa pangangalaga ng malalang sakit at kama para sa intensive care unit, para mabigyan ng pangangalaga ang mga pasyenteng may COVID-19 at ang iba pang pasyente, pati sa panahon ng pagdami ng mga kaso ng COVID-19.
  - b. Ang supply ng personal na pamproteksyong kagamitan (personal protective equipment, PPE) na available para sa mga tauhan ng ospital at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan at tauhan na nangangailangan ng PPE para ligtas na matugunan at magamot ang mga pasyenteng may COVID-19.
  - c. Ang kakayahan at kapasidad na mabilis at tumpak na suriin ang mga tao para matukoy kung positibo sila sa COVID-19, lalo sa mga populasyong madaling maaapektuhan nito o sa mga lugar o trabahong malaki ang panganib.



- d. Ang kakayahang magsagawa ng pagsisiyasat ng kaso at contact tracing para sa dami ng mga kaso at nauugnay na contact na patuloy na isasagawa, nang inihihiwalay ang mga kumpirmadong kaso at kina-quarantine ang mga taong nakasalamuha ng mga kumpirmadong kaso.
12. Ipinapakita ng siyentipikong ebidensiya na sa yugtong ito ng emerhensiya, nananatiling mahalaga na patuloy na pabagalin ang transmisyong virus para makatulong na (a) protektahan ang mga pinakamadaling maapektuhan nito; (ba) maiwasan ang matinding epekto sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan; (c) maiwasan ang mga pangmatagalang pabalik-balik na kundisyon sa kalusugan, gaya ng pinsala sa puso, bato, at baga, at pagkawala ng mga braso at binti dahil sa pamumuo ng dugo; at (d) maiwasan ang pagkamatay. Ang pagpapatuloy sa Dating Utos ay kinakailangan para mapabagal ang pagkalat ng sakit na COVID-19, mapreserba ang kritikal at limitadong kapasidad ng pangangalagang pangkalusugan sa County, at makausad tungo sa isang punto sa emerhensiya sa pampublikong kalusugan kung maaari nang makontrol ang transmisyong. Sa parehong paraan, mula nang ilabas ang Mga Dating Utos, nagpatuloy ang County sa pag-usad sa pagpapalawig sa kapasidad ng pangangalagang pangkalusugan at mga mapagkukunan ng pangangalagang pangkalusugan, at sa pagpapabagal sa transmisyong COVID-19 sa komunidad. Kaugnay ng pag-usad sa mga indicator na ito, at sa ilalim ng patuloy na pagsubaybay at mga potensyal na pampublikong tugon batay sa kalusugan, bilang karagdagan sa mga pinapayagan nang tumakbo sa ilalim ng Dating Utos bilang Mga Pangunahing Negosyo, Mga Outdoor na Negosyo, at Mga Karagdagang Negosyo, naaangkop sa panahong ito na simulan ang pagpapahintulot ng mga karagdagang operasyon na nakasaad sa Mga Karagdagang Negosyo Appendix C-1. Ang mga negosyong ito ay natukoy batay sa mga pagsasaalang-alang na nakabatay sa kalusugan at mga salik ng panganib ng transmisyong, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, tindi at dami ng pakikipag-ugnayan at kakayahang mabawasan ang mga panganib ng transmisyong na nauugnay sa mga operasyon.
  13. Ang Utos na ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng pagsangguni, sa Proklamasyon ng isang Kalagayan ng Emerhensiya noong Marso 4, 2020 na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, Proklamasyon ng Direktor ng Pang-Emerhensiyang mga Serbisyo na Nagpapahayag ng Umiiral na isang Lokal na Emerhensiya sa County noong Marso 3, 2020, Deklarasyon ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Tungkol sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) noong Marso 3, 2020 na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo noong Marso 10, 2020 Nagpapatibay at Nagpapalawig sa Deklarasyon ng isang Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan, Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa noong Abril 7, 2020 na Lalong Nagpapalawig sa Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Hanggang sa Gumawa ng Pagkilos ang County na Wakasan ang Lokal na Emerhensiya, Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-1b noong Abril 15, 2020 na nagpapalawig at nagrerebisa sa Utos na nagbabawal sa mga bisita sa mga pasilidad ng sanay na pag-aalaga sa lahat ng pasilidad na may uring residensyal, Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-3c noong Abril 13, 2020 na nagpapalawig at nagrerebisa sa Utos ng Pagbabago sa mga Operasyon ng Paaaralan, Utos ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-4 noong Marso 24, 2020 na nagdidirekta sa lahat ng laboratoryong nagsasagawa ng mga diyagnostikong pagsusuri para sa COVID-19 na iulat ang impormasyon ng pagsusuri para sa COVID-19, Utos ng Opisyal ng Kalusugan bilang c19-6 at c19-7 noong Abril 6, 2020 na nag-aatas sa mga indibidwal na positibo sa COVID-19, Utos sa Pagtakip ng Mukha, ang Utos ng Opisyal noong Abril 11, 2020 ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-9 na



nagbibigay-daan sa ilang partikular na kinokontrol na pagtitipong nakabatay sa sasakyan, at ang Utos Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-10 noong Mayo 13, 2020 na nagdidirekta sa mga klinikal na laboratoryo na tanggapin ang mga pagtatalaga para sa mga diagnostic na pagsusuri mula sa Optum Serve at Logistics Health Inc.

14. Ang Utos na ito ay inilabas din kaugnay ng Marso 19, 2020 na Utos ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado (ang “Utos na Manatili sa Bahay ng Estado”), na nagtatakda sa pinakabasehan na mga paghihigpit sa buong estado sa hindi-residensyal na mga gawain sa negosyo, na epektibo hanggang sa susunod na abiso, at ang Marso 19, 2020 na Ehekutibong Utos ng Gobernador N-33-20 na nag-uutos sa mga residente ng California na sundin ang Utos na Manatili sa Bahay ng Estado. Ang Ehekutibong Utos noong Mayo 4, 2020 ni Gobernador Newsom at Utos ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado noong Mayo 7, 2020 ay pinapayagan ang ilang partikular na negosyo na muling magbukas kung naniniwala ang isang lokal na opisyal ng kalusugan na makatuwiran ito sa mga kondisyon sa hurisdiksyong iyon, pero hayagang kinikilala ang awtoridad ng mga lokal na opisyal ng kalusugan sa pagtatag at pagpapatupad ng mga pampublikong hakbang sa kalusugan sa kanilang kaukulang mga hurisdiksyon na mas mahigpit kaysa sa ipinapatupad ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, at ng mga susunod na pagbabago sa Utos na magpapahintulot ng mga karagdagang negosyo at aktibidad na nauugnay sa retail sa mismong tindahan, lugar ng pagsamba, at protesta. Ang Utos na ito ay maaaring ipagpatibay ng ilang mga aspeto nang mas mahigpit na mga paghihigpit na tumutugon sa mga partikular na katotohanan at mga pagkakataon sa County na ito, na kinakailangan sa pagkontrol ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan habang ito ay nagbabago sa loob ng County at ng Bay Area. Kung wala ang mga iniakmang hanay ng paghihigpit na ito na higit na nagpapaunti ng bilang ng interaksyon sa pagitan ng mga tao, ipinapahiwatig ng siyentipikong ebidensya na ang krisis ng pampublikong sa County ay mas lalala sa punto na kung saan maaari nitong malampasan ang magagamit na mga mapagkukunan ng pangangalagang pangkalusugan sa loob ng County at tumaas ang dami ng namamatay. Bukod pa rito, ang Utos na ito ay may mga inililistang karagdagang paghihigpit sa mga pagbiyaheng hindi nauugnay sa trabaho na hindi sinasaklaw ng Utos na Manatili sa Bahay ng Estado; nagtatakda ng mandatoryong Mga Kinakailangan sa Social Distancing para sa lahat ng indibidwal sa County kapag nakikibahagi sa mga aktibidad sa labas ng kanilang tirahan; at may idinaragdag na mekanismo para matiyak na nakakasunod sa Mga Kinakailangan sa Social Distancing ang lahat ng negosyong may mga pasilidad na pinapayagang tumakbo sa ilalim ng Utos. Kung may hindi pagkakatugma na umiiral sa pagitan ng Utos na ito at sa anumang mga utos ng pampublikong kalusugan ng estado na may kaugnayan sa COVID-19 na pandemya, ang may pinakamahigpit na probisyon ang masusunod. Alinsunod sa Kodigong Pangkalusugan at Pangkaligtasan ng California seksyon 131080 at Gabay sa Pagsasanay ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng Nakahahawang Sakit sa California, maliban kung ang Opisyal ng Kalusugan ng Estado ay maaaring maglabas ng utos na hayagang nakadirekta sa Utos na ito, at kung mapag-aalamang nakakasama ang probisyon ng Utos na ito sa pampublikong kalusugan, patuloy na ilalapat at kokontrol sa County na ito ang iba pang paghihigpit na pag-iingat na nasa Utos na ito. Bukod pa rito, kung pinapayagan ng anumang alituntunin ng pederal ang mga aktibidad na hindi pinapayagan sa Utos na ito, ang Utos na ito ang susundin at hindi papayagan ang mga aktibidad na iyon.



15. Mga Depinisyon at mga Eksempsyon.

- a. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang mga indibidwal ay maaari lamang umalis sa kanilang tinitirhan para magsagawa sa sumusunod na "mga Pangunahing Gawain." Ngunit ang mga taong may mataas na panganib ng malubhang sakit mula sa COVID-19 at mga taong may sakit ay mahigpit na hinihikayat na manatili sa kanilang tinitirhan hangga't maaari, maliban kung kinakailangan para humingi o magbigay ng pangangalagang medikal o Mga Pangunahing Gawaing Pampamahalaan. Ang mga Pangunahing Gawain ay:
  - i. Para makilahok sa mga gawain o magsagawa ng mga gawaing mahalaga sa kanilang kalusugan at kaligtasan, o sa kalusugan at kaligtasan ng kanilang pamilya o mga miyembro ng sambahayan (kasama ang mga alagang hayop), tulad ng, sa pamamagitan ng halimbawa lamang at walang limitasyon, pagkuha ng mga medikal na suplay o medikasyon, o pagbisita sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.
  - ii. Para makakuha ng kinakailangan na mga serbisyo at mga suplay para sa kanilang mga sarili at kanilang pamilya o mga miyembro ng sambahayan, o para ihatid ang mga serbisyo o mga suplay na ito sa ibang mga tao, tulad ng, sa pamamagitan ng halimbawa lamang at walang limitasyon, delatang pagkain, tuyong kalakal, preskong mga prutas at mga gulay, suplay para sa alagang hayop, preskong karne, isda at poultry, at anupamang pambahay na pangkonsumo na mga produkto, mga produkto na kinakailangan sa pagtatrabaho mula sa bahay, o mga produkto na kinakailangan para mapanatili ang pagiging maayos, kalinisan, at operasyon ng mga tinitirhan.
  - iii. Para makibahagi sa panlabas na libangan na gawain, kasama ang, sa pamamagitan ng halimbawa lamang at walang limitasyon, paglalakad, hiking, pagbibisikleta, at pagtakbo, sa sumusunod sa mga Kinakailangan ng Social Distancing at kasama ng mga sumusunod na mga limitasyon:
    1. Ang mga outdoor na aktibidad na panlibangan sa mga parke, beach, at iba pang bukas na espasyo ay dapat sumunod sa anumang paghihigpit sa pag-access at paggamit na itinakda ng Opisyal ng Kalusugan, pamahalaan, o iba pang entidad na namamahala sa nasabing lugar para mabawasan ang pagkakatipon ng maraming tao, mapigilan ang paggamit ng ipinapagamit na kagamitan sa labas ng sambahayan at ang panganib ng transmisyon ng COVID-19. Ang naturang mga paghihigpit ay maaaring magsama, ngunit hindi limitado sa, paghihigpit sa bilang ng mga pumapasok, pagsasara ng lugar mula sa pag-akses ng sasakyan at pagparada, o pagsasara ng lahat ng pag-akses ng publiko. Dapat aktibong subaybayan at pamahalaan ng naaangkop na awtoridad ang mga parke, beach, at iba pang bukas na espasyo na mananatiling nakabukas;
    2. Maliban kung iba ang nakasaad sa Appendix C-2, ang paggamit ng mga outdoor na lugar at pasilidad na panlibangan na may mga kagamitang madalas hawakan o nanghihikayat ng pagtitipon, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga palaruan, kagamitan sa gym, wall climbing, lugar para sa picnic, parke para sa mga aso, spa, at lugar para sa pag-iihaw ay ipinagbabawal sa labas ng tirahan, at dapat isara ang lahat ng nasabing lugar mula sa pag-access ng publiko sa pamamagitan ng paglalagay ng karatula, at kung naaangkop, sa pamamagitan ng mga aktwal na harang;





3. Maliban kung iba ang nakasaad sa Appendix C-2, ang sports o mga aktibidad kung saan gumagamit ng ibinabahaging kagamitan o may pisikal na kontak sa pagitan ng mga kalahok ay maaari lang gawin ng mga miyembro ng iisang sambahayan o yunit ng tirahan; at
  4. Ang paggamit ng mga ibinabahaging outdoor na pasilidad para sa mga aktibidad na panlibangang maaaring gawin sa labas ng tahanan na naaayon sa mga paghihigpit na nakasaad sa subseksyon 1, 2 at 3, na nasa itaas, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga golf course, skate park, at field para sa sports ay dapat, bago magsimula, nakakasunod sa mga protokol ng social distancing at kalusugan/kaligtasan na nakapaskil sa lugar at sa iba pang paghihigpit, kasama ang mga pagbabawal sa pag-access at paggamit na itinakda ng Opisyal ng Kalusugan, pamahalaan, o iba pang entidad na namamahala sa naturang lugar para mabawasan ang pagkakatipon ng maraming tao at ang panganib ng transmision ng COVID-19.
    - iv. Para magsagawa ng trabaho para sa isang Pangunahing Negosyo, Outdoor na Negosyo, o Karagdagang Negosyo; o kaya magsagawa ng mga aktibidad na partikular na pinapahintulutan sa Utos na ito, kasama ang Mga Minimum na Pangunahing Operasyon, tulad ng tinukoy sa Seksyon na ito.
    - v. Para magbigay ng kinakailangang pag-aalaga para sa isang miyembro ng pamilya o alagang hayop sa ibang sambahayan na walang ibang mapagkukunan ng pag-aalaga.
    - vi. Para dumalo sa libing na hindi hihigit sa 10 mga indibidwal na naroroon.
    - vii. Para lumipat ng tirahan. Kapag lumilipat papunta o palabas ng rehiyon ng Bay Area, ang mga indibidwal ay mahigpit na hinihikayat na mag-quarantine nang 14 na araw. Para mag-quarantine, ang mga indibidwal ay dapat sumunod sa gabay ng mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit ng Estados Unidos.
    - viii. Para magsagawa ng Mga Karagdagang Aktibidad, gaya ng nakasaad sa Appendix C-2.
    - ix. Para sumali sa isang pagtitipon na nakabatay sa sasakyan gaya ng pinapahintulutan sa Utos sa Pagtitipong Nakabatay sa Sasakyan.
- b. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang mga indibidwal ay maaaring umalis sa kanilang tinitirhan para magtrabaho sa, magboluntaryo sa, o kumuha ng mga serbisyo sa "Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan," kasama ang, ngunit walang limitasyon sa, mga ospital, mga klinika, mga lokasyon ng pagsusuri ng COVID-19, mga dentista, mga parmasya, mga bangko ng dugo at mga pagbibigay ng dugo, mga parmasyutikal at biotechnology na kumpanya, iba pang mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, mga nagsusuplay ng pangangalagang pangkalusugan, mga nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan, mga nagbibigay ng pangangalaga sa mental na kalusugan, o anumang kaugnay at/o pangunahing mga pangangalagang pangkalusugan na serbisyo. Kasama sa "Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan" ang pangangalaga ng beterinaryo at lahat ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa mga hayop. Ang eksemplasyon na ito para sa Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat na ituring na malawak para maiwasan ang anumang hadlang para sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan, malawak na tinukoy. Hindi Kasama sa "Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan" ang mga fitness at exercise gym at katulad na mga pasilidad.



- c. Para sa mga layunin ng Utos na ito, maaaring umalis ang mga indibidwal sa kanilang tirahan para magbigay ng anumang serbisyo o magsagawa ng anumang trabaho na kinakailangan para sa operasyon at pagpapanatili ng “Pangunahing Imprastraktura,” kasama ang mga paliparan, utility (kasama ang tubig, alkantariya, gasolina, at kuryente), pag-refine ng langis, kalye at kalsada, pampublikong transportasyon, pasilidad para sa solid waste (kasama ang mga pasilidad para sa pangongolekta, pagkuha, pagtatapon, pag-recycle, at pagpoproseso), sementeryo, punerarya, krematoryo, at sistema ng telekomunikasyon (kasama ang probisyon ng pangunahing pandaigdig, pambansa, at lokal na imprastraktura ng internet, serbisyo sa pag-commute, imprastraktura ng negosyo, komunikasyon, at web-based na serbisyo).
- d. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang lahat ng mga unang rumeresponde, pang-emerhensiya na pamamahala na kawani, mga pang-emerhensiya na dispatser, mga kawani sa korte, at kawani sa pagpapatupad ng batas, at iba pang mga taong kailangang magsagawa ng mga pangunahing serbisyo ay hindi kasali sa Utos na ito sa kondisyon na sila ay nagsasagawa ng mga pangunahing serbisyo na ito. Bilang karagdagan, walang bahagi ng Utos na ito ay nagbabawal sa sinumang indibidwal mula sa pagsasagawa o pag-akses sa "Mga Pangunahing Gawaing Pampamahalaan," tulad ng tinukoy ng entidad ng gobyerno na nagsasagawa ng mga gawaing ito sa County. Ang bawat entidad ng gobyerno ay dapat na tukuyin at italaga ang naaangkop na mga empleyado, mga nagboluntaryo, o mga kontraktor para magpatuloy sa pagbibigay at pagsasagawa ng anumang Pangunahing Gawaing Pampamahalaan, kasama ang pagtanggap o pagpapanatili ng bagong mga empleyado o mga kontraktor para isagawa ang mga naturang gawain. Dapat isagawa ng bawat entidad ng gobyerno at ng mga kontraktor nito ang lahat ng kinakailangang pang-emerhensiyang pamproteksyon pag-iingat para maiwasan, mapigilan, matugunan ang, at makabangon mula sa COVID-19 na pandemya, at ang lahat ng Pangunahing Gawaing Pampamahalaan ay dapat isagawa na mga sumusunod na Kinakailangan ng Panlipunang Pagdistansya hangga't maaari.
- e. Para sa mga layunin ng Utos na ito, kasama sa isang "negosyo" ay ang anumang for-profit, non-profit, o pang-edukasyon na entidad, isa mang korporasyon na entidad, organisasyon, pakikipagtulungan o solong negosyo, at anuman ang katangian ng serbisyo, ang pagganap na isinasagawa nito, o ang korporasyon o entidad na istraktura nito.
- f. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang "mga Pangunahing Negosyo" ay:
  - i. Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan at mga negosyo na nagpapatakbo, nagpapanatili, o nag-aayos ng Pangunahing Imprastraktura;
  - ii. Mga tindahan ng groseri, mga sertipikadong pamilihan ng mga magsasaka, mga tindahan ng magsasaka at prutas at gulay, mga supermarket, mga bangko ng pagkain, mga convenience store, at iba pang mga establisyemento na nakikibahagi sa tingiang pagbebenta ng hilaw na pagkain, delatang mga pagkain, mga tuyong kalakal, hindi nakakalasing na mga inumin, preskong mga prutas at mga gulay, suplay para sa alagang hayop, preskong mga karne, isda, at poultry, pati na rin ang panlinis sa katawan na mga produkto at pambahay na pangkonsumo na mga produkto na kinakailangan sa personal na paglilinis o sa pagiging maayos ng tinitirhan, kalinisan, o operasyon ng mga tinitirhan.



- Kasama sa mga negosyo na kasama sa subparagraph na ito (ii) ay ang mga establisimiyento na nagtitinda ng maramihang kategorya ng mga produkto sa kondisyon na sila ay magbenta ng maraming bilang ng mga pangunahing produkto na tinukoy sa subparagraph na ito, tulad ng mga tindahan ng alak na nagbebenta rin ng maraming bilang ng pagkain.
- iii. Pagpaparami ng pagkain, kasama ang pagsasaka, paghahayupan, at pangingingisda;
  - iv. Ang mga negosyo na nagbibigay ng pagkain, tirahan, at panlipunang mga serbisyo, at iba pang mga pangangailangan sa pamumuhay para sa mahihirap o sa mga nangangailangan na mga indibidwal;
  - v. Konstruksyon, pero kung pinapayagan lang sa ilalim ng Utos na Manatili sa Bahay ng Estado at kung naaayon sa Mga Protokol sa Kalusugan sa Konstruksyon na nakalista sa Appendix B at kasama sa Utos na ito sa pamamagitan ng pagbanggnit. Mapapailalim din sa Appendix B ang mga proyektong pagawaing pambayan, maliban na lang kung may ibang protokol na isinaad ang Opisyal ng Kalusugan;
  - vi. Mga pahayagan, telebisyon, radyo, at iba pang mga serbisyo ng media;
  - vii. Mga gasolinahan at suplay ng sasakyan, talyer (kasama, ngunit hindi limitado sa, para sa mga kotse, mga trak, mga motorsiklo, at de-motor na scooter), at mga dealership ng kotse, ngunit para lang sa layunin ng pagbibigay ng suplay ng sasakyan at mga serbisyo sa talyer. Ang subparagraph na ito (vii) ay hindi naghihigpit sa mga on-line na pagbili ng mga kotse kung ang mga ito ay ihahatid sa isang tirahan o Pangunahing Negosyo;
  - viii. Pag-aayos ng bisikleta at mga tindahan ng suplay;
  - ix. Mga serbisyo ng pagpapadala at pagtanggap ng pera sa mga bangko, serbisyong pinansyal sa mga pawn shop, serbisyo ng pag-encash ng tseke, pagpapautang, at mga katulad na pinansyal na institusyon. Para sa mga negosyong may component na serbisyong pinansyal na may retail o iba pang component, ang serbisyong pinansyal lang ang maaaring buksan;
  - x. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nagbibigay-daan sa mga transaksyon sa real estate (kasama ang mga renta, upa, at pagbebenta ng tirahan), kasama, ngunit hindi limitado sa, mga ahente ng real estate, escrow na ahente, notaryo, at nagtititulong kumpanya, basta't gagawin lang ang mga nasabing appointment at ang iba pang residensyal na viewing ng real estate sa virtual na paraan, o kung hindi posible ang virtual na viewing, sa pamamagitan ng appointment kung saan hindi hihigit sa dalawa ang bisita, sa bawat pagkakataon, na mula sa iisang sambahayan o yunit ng tirahan, at isa lang ang indibidwal na nagpapakita sa yunit (ngunit hindi pinapayagan ang personal na pagbisita kapag nasa tirahan ang naninirahan dito);
  - xi. Mga tindahan ng hardware;
  - xii. Mga tubero, mga elektrisyan, mga pumapatay ng peste, at iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo na kinakailangan para mapanatili ang pagiging maayos ng tinitirhan, kalinisan, at operasyon ng mga tinitirhan at Mga Pangunahing Negosyo;
  - xiii. Ang mga negosyo na nagbibigay ng koreo at pagpapadala na mga serbisyo, kasama ang mga post office box;
  - xiv. Mga pangkaalamang institusyon—kasama ang mga pampubliko at pribadong K-12 na paaralan, kolehiyo, at unibersidad— para sa mga layunin ng pagpapadali sa malayuang pagkatuto o pagsasagawa ng mga pangunahing gawain, o gaya ng pinapayagan sa



- subparagraph xxvi, basta't magpapanatili ng anim na talampakang layo ang bawat tao para sa social distancing hangga't maaari;
- xv. Mga palabahan, mga drycleaner, at mga tagapagbigay ng serbisyo sa paglalaba;
  - xvi. Mga kainan at iba pang mga pasilidad na naghahanda at naghahain ng pagkain, ngunit para lamang sa paghahatid o pagdala pauwi. Ang mga paaralan at ibang mga entidad na karaniwang nagbibigay ng libreng mga serbisyo ng pagkain sa mga mag-aaral o mga miyembro ng publiko ay maaaring magpatuloy na gawin ito sa ilalim ng Utos na ito sa kondisyon na ang pagkain ay ibinibigay sa mga mag-aaral o sa mga miyembro ng publiko sa pamamagitan lamang ng pagpik-ap at pagdala pauwi. Mga paaralan at iba pang mga entidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa pagkain sa ilalim ng eksemsyon na ito ay hindi dapat pumayag na ang pagkain ay kainin sa lugar kung saan ito ibinigay, o sa iba pang mga lugar ng pagtitipon;
  - xvii. Mga punerarya, mga morge, mga sementeryo, at mga krematoryo, sa saklaw na kinakailangan para sa paghahatid, paghahanda, o pagpoproseso sa mga katawan o mga labi;
  - xviii. Mga negosyo na nagsusuplay sa iba pang mga Pangunahing Negosyo at Outdoor na Negosyo ng suporta o mga suplay na kinakailangan para gumana, ngunit sa saklaw lamang na sila ay sumusuporta at nagsusuplay sa mga pangunahing negosyo na ito. Ang eksemsyon na ito ay hindi dapat gamitin bilang isang batayan para makibahagi sa pagbebenta sa pangkalahatang publiko mula sa mga tingiang tindahan;
  - xix. Ang mga Negosyo na may pangunahing mga pagganap sa pagpapadala o paghahatid ng mga groseri, pagkain o iba pang mga kalakal direkta sa mga tirahan o mga negosyo. Ang eksemsyon na ito ay hindi dapat gamitin para pahintulutan ang paggawa o pagbuo ng mga hindi-pangunahing produkto o para sa iba pang mga paggana maliban sa mga kinakailangan para sa operasyon ng paghahatid;
  - xx. Mga kompanya ng eroplano, mga taksi, mga kompanya na nagpapaupa ng kotse, mga serbisyo sa pagsakay (kasama ang mga ibinabahaging bisikleta at skooter), at iba pang mga tagapagbigay ng pribadong transportasyon na serbisyo na kinakailangan para sa mga Pangunahing Gawain at iba pang mga layunin na malinaw na pinapayagan ng Utos na ito;
  - xxi. Pangangalaga sa Loob ng Tahanan para sa mga nakatatanda, mga matatanda, mga bata, at mga alagang hayop;
  - xxii. Mga residensyal na pasilidad at mga tirahan para sa mga nakatatanda, mga matatanda, at mga bata;
  - xxiii. Propesyonal na mga serbisyo, tulad ng ligal, notaryo, o mga serbisyo sa accounting, kapag kinakailangan para tumulong sa pagsunod sa mga hindi pinipili na legal na kinakailangang aktibidad o kaugnay ng pagkamatay o pagkawala ng kapasidad na kumilos;
  - xxiv. Mga serbisyo para tumulong sa mga indibidwal sa paghahanap ng mapagtatrabahuan sa mga Pangunahing Negosyo;
  - xxv. Mga serbisyo sa paglilipat na nagpapadali sa mga residensyal o komersyal na paglilipat na pinapayagan sa ilalim ng Utos na ito; at
  - xxvi. Mga pasilidad sa pag-aalaga ng bata, summer camp, at iba pang pangkaalaman o panlibangang institusyon o programa na nagbibigay ng pangangalaga o pagsubaybay para



- sa lahat ng bata. Hangga't maaari ay alinsunod sa anumang iniaatas sa paglilisensya, dapat sumunod ang mga operasyong ito sa mga sumusunod na kundisyon:
1. Dapat isagawa ang mga ito sa mga hindi pabagu-bagong grupo na binubuo ng hindi hihigit sa 12 bata (ang ibig sabihin ng “hindi pabagu-bago” ay hindi nagbabago ang hindi hihigit sa 12 bata sa bawat grupo araw-araw at nang hindi bababa sa tatlong magkakasunod na linggo).
  2. Ang mga bata ay hindi dapat magpabago-bago ng grupo mula sa isang grupo patungo sa isa at pumasok sa mahigit isang establisyamento ng pag-aalaga sa bata, summer camp, iba pang pagtuturo o paglilibang o programa nang sabay-sabay.
  3. Kung mahigit sa isang grupo ng mga bata ang nasa isang pasilidad, dapat ay nasa magkakahiwalay na kwarto o espasyo ang bawat grupo, na hindi maa-access ng mga bata o nasa hustong gulang na wala sa hindi nagbabagong grupo. Ang mga grupo ay hindi dapat magkahalubilo sa isa't isa.
  4. Ang mga provider, guro at iba pang kawani ay hindi maaaring magsilbi sa mahigit isang grupo ng mga bata at dapat na manatili sa grupo ng mga batang iyon sa panahon ng pagtayo ng pangangalaga sa batas, summer camp, iba pang institusyon o programa ng edukasyon o libangan.
- g. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang “Mga Minimum na Pangunahing Operasyon” ay tumutukoy sa mga sumusunod na aktibidad para sa mga negosyo, basta't susunod ang mga may-ari, tauhan, at kontraktor sa Mga Kinakailangan sa Social Distancing gaya ng inilalarawan sa Seksyong ito, hangga't maaari, habang isinasagawa ang mga nasabing operasyon:
- i. Ang mga minimum na kinakailangang aktibidad para mapanatili at maprotektahan ang halaga ng imbentaryo at pasilidad ng negosyo; matiyak ang seguridad, kaligtasan, at kalinisan; pagproseso ng payroll at mga benepisyo ng empleyado; magbigay ng paghahatid ng umiiral na imbentaryo nang direkta sa mga tirahan o mga negosyo; at mga kaugnay na mga paggana. Bilang paglilinaw, hindi pinapahintulutan ng seksyong ito ang mga negosyong mag-alok sa mga customer ng pag-pick up sa gilid ng kalsada.
  - ii. Ang mga minimum na kinakailangang aktibidad para mapadali ang pagtatrabaho ng mga may-ari, tauhan, at kontraktor nang malayuan mula sa kanilang tirahan, at matiyak na maihahatid ng negosyo ang serbisyo nito nang malayuan.
- h. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang lahat ng negosyong tumatakbo sa mga pasilidad sa County na binibisita o ginagamit ng publiko o mga tauhan ay dapat, bilang kundisyon ng nasabing operasyon, maghanda at magpaskil ng “Protokol sa Social Distancing” para sa bawat isa sa mga pasilidad na ito; basta't, gayunpaman, nakakasunod ang mga aktibidad sa konstruksyon sa Mga Protokol sa Kaligtasan ng Proyekto ng Konstruksyon na nakasaad sa Appendix B at hindi sa Protokol sa Social Distancing. Ang Protokol sa Social Distancing ay dapat kasama sa form na kalakip ng Utos na ito bilang Appendix A, at dapat itong i-update mula sa mga nakaraang bersyon para matugunan ang mga bagong kinakailangan na nakalista sa Utos na ito o sa kaugnay na gabay o mga direktiba mula sa Opisyal ng Kalusugan. Ang Protokol sa Social Distancing ay dapat ipaskil sa o malapit sa entrance ng nauugnay na pasilidad, at madaling nakikita ng publiko at mga tauhan. Dapat ding magbigay ng kopya ng Protokol sa



Social Distancing sa bawat taong nagsasagawa ng trabaho sa pasilidad. Dapat ipatupad ng lahat ng negosyong napapailalim sa talatang ito ang Protokol sa Social Distancing, at dapat itong magbigay ng ebidensiya ng pagpapatupad nito sa anumang awtoridad na nagpapatupad sa Utos na ito kapag hiningi. Ang Protokol sa Social Distancing ay dapat magpaliwanag kung paano naaabot ng negosyo ang sumusunod, kung naaangkop:

- i. Paglilimita sa bilang ng mga tao na maaaring pumasok sa pasilidad sa bawat pagkakataon para matiyak na magagawa ng mga tao sa pasilidad na madaling magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa isa't isa sa lahat ng pagkakataon, gaya ng inilalarawan para makapagsagawa ng aktibidad sa Pangunahing Negosyo;
  - ii. Pag-aatas sa lahat ng taong pumapasok sa pasilidad na magsuot ng takip sa mukha, bukod pa sa mga nakabukod mula sa mga kinakailangan sa pagsusuot ng takip sa mukha (hal. mga bata);
  - iii. Kung saan ang mga pila ay maaaring mabuo sa isang pasilidad, nagmamarka ng hindi bababa sa anim na talampakang mga distansya, tumukoy kung saan dapat tumayo ang mga indibidwal para mapanatili ang sapat na panlipunang pagdistansya;
  - iv. Paglalagay ng mga hand sanitizer, sabon at tubig, o epektibong disinfectant sa o malapit sa entrance ng pasilidad at sa iba pang naaangkop na lugar na magagamit ng publiko at mga tauhan, at sa mga lokasyon kung saan maraming interaksyon ang mga empleyado sa mga miyembro ng (hal., mga kahera);
  - v. Pagbibigay ng walang kontak na sistema ng pagbabayad o, kung hindi posible na gawin, ang pagbibigay ng pandisimpekta sa lahat ng mga pagbabayaran, mga panulat, at mga stylus pagkatapos sa bawat paggamit;
  - vi. Regular na pag-disinfect sa iba pang surface na madalas hawakan;
  - vii. Pagpapaskil ng karatula sa entrance ng pasilidad na nagpapabatid sa lahat ng tauhan at customer na dapat ay: hindi sila pumasok sa pasilidad kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19; magpanatili sila ng hindi bababa sa anim na talampakang layo mula sa isa't isa; sa kanilang braso sila bumahing at umubo; at hindi sila makipagkamay o makibahagi sa anumang hindi kinakailangang pisikal na kontak; at
  - viii. Anumang karagdagang mga hakbang sa social distancing na pinapatupad (tingnan ang gabay ng mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidance-business-response.html>).
- i. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang "Pangunahing Paglalakbay" ay nangangahulugang paglalakbay para sa anuman sa mga sumusunod na layunin:
    - i. Pagbiyaheng nauugnay sa pagbibigay o pag-access ng Mga Pangunahing Aktibidad, Mga Pangunahing Gawaing Pampamahalaan, Mga Pangunahing Negosyo, Mga Minimum na Pangunahing Operasyon, Mga Outdoor na Aktibidad, Mga Outdoor na Negosyo, Karagdagang Aktibidad, at Karagdagang Negosyo.
    - ii. Paglalakbay para sa pag-aalaga para sa sinumang nakatatanda, mga menor de edad, mga umaasa, o mga taong may kapansanan.
    - iii. Paglalakbay papunta o mula sa pang-edukasyon na institusyon para sa mga layunin ng pagtanggap ng mga materyal para sa malayuang pagkatuto, para sa pagtanggap ng mga pagkain, at anumang iba pang kaugnay na mga serbisyo.



- iv. Paglalakbay para sa pagbalik sa isang lugar ng tirahan mula sa labas ng County.
  - v. Paglalakbay na kinakailangan ng pagpapatupad ng batas o utos ng korte.
  - vi. Paglalakbay na kinakailangan ng mga hindi residente para sa bumalik sa kanilang lugar ng tirahan sa labas ng County. Ang mga indibidwal ay mahigpit na hinihikayat na linawin kung ang kanilang paglalakbay palabas ng County ay nananatiling magagawa at gumagana bago magsimulang maglakbay.
  - vii. Paglalakbay para pangasiwaan ang pagkatapos-ng-pagkamatay na mga pagsasaayos at paglilibing.
  - viii. Paglalakbay para magsaayos ng tirahan o maiwasan ang kawalan ng tahanan.
  - ix. Paglalakbay para maiwasan ang karahasan sa tahanan o pang-aabuso ng bata.
  - x. Paglalakbay para sa mga pagsasaayos ng kustodiya ng mga bata.
  - xi. Paglalakbay patungo sa isang lugar para pansamantalang manirahan sa isang tirahan o iba pang pasilidad para maiwasan ang potensyal na pagkalantad sa ibang mga tao ng COVID-19, tulad ng isang hotel o iba pang pasilidad na ibinigay ng isang pamahalaan para sa naturang mga layunin.
  - xii. Paglalakbay para sumali sa isang pagtitipon na nakabatay sa sasakyan gaya ng pinapahintulutan ng Utos sa Pagtitipong Nakabatay sa Sasakyan.
- j. Para sa mga layunin ng Utos na ito, kasama sa mga “tirahan” ang mga hotel, motel, ibinabahaging nirentahang yunit, at katulad na pasilidad. Kasama rin sa mga tirahan ay ang mga istraktura ng paninirahan at panlabas na mga lugar na nauugnay sa mga istraktura ng paninirahan na ito, tulad ng mga patio, mga biranda, mga likod-bahay, at mga bakuran na napupuntahan lamang ng isang pamilya o yunit ng sambayanan.
- k. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang "mga Kinakailangan sa Social Distancing" ay nangangahulugang:
- i. Pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na social distancing mula sa mga taong hindi bahagi ng parehong sambayanan o yunit ng paninirahan;
  - ii. Ang madalas na paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo, o ang paggamit ng sanitiser ng kamay na kinikilala ng mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit bilang epektibo sa paglaban sa COVID-19;
  - iii. Pagtatakip sa mga pag-ubo at pagbahing gamit ang tissue o tela o, kung hindi posible, sa manggas o sa braso (ngunit hindi sa mga kamay);
  - iv. Pagsusuot ng takip sa mukha kapag nasa pampublikong lugar, na naaayon sa mga utos o gabay ng Opisyal ng Kalusugan; at
  - v. Pag-iwas sa lahat ng interaksyon sa ibang tao sa labas ng bahay kapag may lagnat, ubo, o iba pang sintomas ng COVID-19.

Lahat ng mga indibidwal ay dapat na mahigpit na sumunod sa mga Kinakailangan sa Social Distancing, maliban kung sa limitadong saklaw na kinakailangan para magbigay ng pangangalaga (kasama ang pag-aalaga ng bata, pag-aalaga ng matanda o nakatatanda, pag-aalaga sa mga indibidwal na may espesiyal na mga pangangailangan, at pag-aalaga ng pasyente); na kinakailangan para maisagawa ang trabaho sa mga Pangunahing Negosyo, Pangunahing Gawaing Pampamahalaan, o magbigay ng Mga Minimum na Pangunahing Operasyon; o sa



malinaw na ibinigay ng Utos na ito. Dapat mahigpit na sumunod ang Mga Outdoor na Aktibidad, Mga Outdoor na Negosyo, Mga Karagdagang Aktibidad at Mga Karagdagang Negosyo sa mga Kinakailangang ito sa Social Distancing.

- l. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang ibig sabihin ng “Mga Outdoor na Negosyo” ay:
  - i. Ang mga sumusunod na negosyo na normal na pangunahing tumatakbo outdoors bago ang Marso 16, 2020 at kung may kakayahang ganap na magsagawa ng social distancing kung saan hindi bababa sa anim na talampakan ang distansya ng lahat ng indibidwal at maaaring patakbuhan sa kondisyon na ang lahat ng negosyo at transaksyong nauugnay sa mga miyembro ng publiko ay maaaring mangyari sa labas:
    1. Mga negosyong pangunahing isinagasawa outdoors, gaya ng mga wholesale at retail na nursery ng halaman, operasyon sa agrikultura, at garden center.
    2. Mga provider ng serbisyo na pangunahing nagbibigay ng mga outdoor na serbisyo, gaya ng mga serbisyo sa landscaping at paghahardin, at serbisyo sa remediation ng lugar na pangkapaligiran.

Bilang paglilinaw, hindi kasama sa “Mga Outdoor na Negosyo” ang mga outdoor na restaurant, cafe, o bar. Maliban kung iba ang nakasaad sa Appendix C-1, hindi rin kasama rito ang mga negosyong nagpo-promote ng malalaki, coordinated, at matatagal na pagtitipon, gaya ng mga outdoor na concert venue at amusement park.

- m. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang ibig sabihin ng “Mga Outdoor na Aktibidad” ay ang:
  - i. Kumuha ng mga produkto, serbisyo, o supply mula sa, o para magsagawa ng trabaho para sa, isang Outdoor na Negosyo.
  - ii. Makibahagi sa outdoor na libangan gaya ng pinapahintulutan sa Seksyon 15.a.
- n. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang “Karagdagang Negosyo” ay tumutukoy sa anumang negosyo, entity, o iba pang organisasyong natukoy bilang Karagdagang Negosyo sa Appendix C-1, na ia-update gaya ng ginagarantiya batay sa isinasagawang pagtatasa ng Opisyal ng Kalusugan sa Mga Indicator ng COVID-19 at iba pang data. Bukod sa iba pang iniaatas sa Utos na ito, ang operasyon ng Mga Karagdagang Negosyo na iyon ay napapailalim sa anumang kondisyon at kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan na nakatakda sa Appendix C-1 at sa anumang gabay na partikular sa industriya na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan.
- o. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang ibig sabihin ng “Mga Karagdagang Aktibidad” ay ang:
  - i. Para makakuha ng mga produkto, serbisyo, o supply mula sa, o magsagawa ng trabaho para sa, Mga Karagdagang Negosyo na natukoy sa Appendix C-1, na napapailalim sa mga iniaatas ng Utos na ito, at anumang kondisyon at kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan na nakatakda sa Utos na ito o sa anumang gabay na partikular sa industriya na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan.
  - ii. Para makapagsagawa ng mga outdoor na panlibangang aktibidad o iba pang aktibidad na nakasaad sa Appendix C-2, sa ilalim ng anumang kondisyon at kinakailangan sa kalusugan at kaligtasang nakasaad doon.





16. Dapat magsagawa ng mga naaangkop na hakbang ang mga ahensiya ng pamahalaan at ang iba pang entidad na nagpapatakbo ng mga matutuluyan at iba pang pasilidad na nagbibigay ng matitirhan o mga pagkain o iba pang pangangailangan para sa mga indibidwal na walang matirhan, para matiyak na nasusunod ang Mga Kinakailangan sa Social Distancing, kasama ang sapat na pagbibigay ng hand sanitizer. Gayundin, ang mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan na walang masilungan at naninirahan sa mga kampo ay dapat, sa pinakamalawak na saklaw na maaari, ay sumunod sa 12 na talampakan sa 12 na talampakan na pagdistansya para sa paglalagay ng mga tulda, at ang mga ahensiya ng gobyerno ay dapat magbigay ng banyo at mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay para sa mga indibidwal sa naturang kampo tulad ng itinakda sa Gabay ng Pagtugon sa Coronavirus 2019 (COVID-19) ng mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit para sa mga Taong Nakararanas ng Kawalan ng Tahanan (<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/need-extra-precautions/unsheltered-homelessness.html>).
17. Alinsunod sa Alituntunin ng Gobyerno Seksyon 26602 at 41601 at Kodigong Pangkalusugan at Pangkaligtasan seksyon 101029, ang Opisyal ng Kalusugan ay humihiling na ang Sheriff at lahat ng mga hepe ng polisy sa County ay tiyakin ang pagsunod sa at pagpapatupad ng Utos na ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay nagpapahiwatig ng isang nakaambang panganib sa pampublikong kalusugan, nagpapahiwatig ng isang pagpeperwisyo sa publiko, at mapaparusan ng multa, pagkakakulong, o pareho.
18. Magkakaroon kaagad ng bisa ang sub-paragraph 15(a)(iii). Ang nasabing natitirang bahagi ng Utos na ito ay magkakaroon ng bisa sa 12:01 a.m. ng umaga sa Hunyo 1, 2020 at mananatiling may bisa hanggang sa bawiin, palitan, o baguhin ito sa pamamagitan ng pagsusulat ng Opisyal ng Kalusugan. Hanggang Hunyo June 1, 2020 nang 12:01 a.m. at hindi kasama ang Sub-paragraph 15(a)(iii), mananatiling may bisa ang Utos noong Mayo 15, 2020.
19. Ang mga kopya ng Utos na ito ay mabilis na: (1) gagawing magagamit sa 400 County Center, Redwood City, CA 94063; (2) ipapaskil sa website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ([www.smchealth.org](http://www.smchealth.org)); at (3) ibibigay sa sinumang miyembro ng publiko na hihingi ng isang kopya ng Utos na ito.
20. Kung alinman sa mga probisyon ng Utos na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pagkakataon ay ituturing na walang bisa, ang natitirang bahagi ng Utos, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pagkakataon, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy nang may buong lakas at bisa. Sa layuning ito, ang mga probisyon ng Utos na ito ay maaaring ihiwalay.
21. Ang Utos na ito ay nakalaan para ganap na iayon ang County sa mga negosyong pinapayagan ng Estado. Kung pinapayagan ang isang negosyo sa ilalim ng Utos na Manatili sa Loob ng Tahanan mula sa Estado, ang intensyon ay pinapayagan ito sa ilalim ng Utos ng County. Gayunpaman, nagbibigay ang Utos na ito ng ilang karagdagang kinakailangan sa kung paano isasagawa ang negosyo, lalo na sa patuloy na pag-atas ng pagtatayo, pagpapatupad at pag-post ng Protokol ng Social Distancing at paghiling ng mga plano sa operasyon alinsunod sa mga alituntunin ng Estado pati na ang patuloy na paghiling sa lahat ng makakapagtrabaho mula sa bahay na payagang magtrabaho sa bahay.



Ipinagpapatuloy din ng Utos na ito na limitahan ang mga aktibidad na maaaring gawin ng mga tao at kung paano iyon gawin. Ginagawa ito sa pamamagitan ng patuloy na pag-atas sa mga tao na manatili sa bahay, sa pamamagitan ng pag-aatas ng social distancing at pagtatakip ng mukha at pagbabawal sa mga pagtitipon, kasama ang mga kinakailangang pakikipag-ugnayan sa mga tao sa labas ng bahay.

22. Ang mga modipikasyong ito ay ginagawa bilang pagsubok na gumawa ng balanse. Iyon ay mga pagsubok na maghanap ng paraan para paigtingin ang immunity ng populasyon (sa aspeto ng pampublikong kalusugan, ito ay tinatawag na “herd immunity”) nang unti-unti at nang may sinusunod na hakbang, habang nililimitahan ang pagkamatay, nang isinasaisip ang balanse, nang hindi ino-overload ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan, at pagbawas sa ekonomikong pinsala. Marami sa mga konsiderasyong ito ang magkakataliwas. Hindi ginagawa ang mga modipikasyong ito dahil ligtas ito. Patuloy na kumakalat sa komunidad ang virus, at ang pagdagdag ng mga pakikipag-ugnayan sa mga tao na pinapayagan ng mga modipikasyong ito ay posibleng magpakalat ng virus sa mas mataas na rate. Hindi pa napapatunayan kung ang mga pagbabagong ito ay nagbibigay-daan para hindi makontrol ang pagkalat ng virus, gaya ng nakita natin noong Pebrero at Marso at nagreresulta sa unang utos na manatili sa bahay. May malaking posibilidad na malantad tayong lahat sa COVID-19. Ang mga pampubliko at bukas na negosyo ay kailangang ganap na gawin ang kanilang parte sa pag-iwas sa transmisyong ng virus.

#### **IPINAG-UUTOS:**

*/Nilagdaan/*

Scott Morrow MD, MPH

Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo

Petsa: Mayo 28, 2020

- Mga Kalakip: Appendix A – Protokol sa Social Distancing  
Appendix B-1 – Protokol sa Kalusugan ng Maliit na Proyekto sa Konstruksyon  
Appendix B-2 – Protocol sa Kaligtasan sa Malaking Proyekto sa Konstruksyon  
Appendix C-1 – Mga Karagdagang Negosyo  
Appendix C-2 – Mga Karagdagang Aktibidad